

Chapter One



“Wow! Dapat ba akong mainggit sa ’yo, bes?” sarkastikang saad ni Luna na napatingin sa paligid ng maliit na apartment na inuupahan niya.

Kapapasok lang ng kaibigan ng beintecinco años na si Kendall Marino sa kanyang bagong nirentahang apartment. Nakakalat ang ilan niyang kagamitan sa mesa. Sa lababo ay nakatambak ang mga pinagkainan niyang pinggan, kubyertos at baso. Nagkalat din ang supot ng chichiria sa basurahan. Ang mga labahan ay nasa sahig o kaya ay nasa sofa. Siya naman ay napaupo sa sofa at kinuha ang laptop na isinantabi muna kanina para pagbuksan ang

kaibigang bumisita sa kanya.

Napatingin din siya sa kanyang makalat na apartment. Ngumisi siya kay Luna habang napatingin ito sa kanyang suot na pajama at t-shirt—with a disgusted look on her face.

“Bisita kita at nilalait mo pa ang tinitirhan ko. Kung hindi na kaya kita patutuluyin ever?” aniyang sabay irap dito.

Lumundag naman sa kandungan niya ang kanyang pet cat na pinangalanan niyang Matilda. Para kasing witchy ang dating ng itim niyang pusa at ibinase niya ang pangalang iyon sa classic na movie na *Matilda* ang pamagat—isang batang may telekinetic powers.

Itinabi niyang muli ang laptop at hinimashimas ang ulo ng pusang ngumingiyaw sa kanya.

“Parang ang sarap ng buhay mo nang mag-isa habang work from home ka lang. At officemate mo pa si Matilda dito,” nakangising dagdag ni Luna.

“Mas mabuti na ’yong hayop ang kasama kaysa ang mga taong plastik ang mga ugali at puro pa chismis ang inaatupag, ano! Isa pa, ano ba’ng importanteng pag-uusapan natin at naligaw ka dito sa teritoryo ko?” taas-kilay niyang sabi.

Ipinagkuros nito ang dalawang braso habang mataray siyang tiningnan. “It’s a Sunday! Nagtatrabaho ka ba ng Sunday? Lumabas naman tayo!” aya nito.

“Wow! Parang ambush ’to, ah. Di ako nakapagtanda. Puwede ba akong humindi?”

“As if namang napaka-busy mong tao.” Lumabi pa ito.

“Tama ka. Hindi nga ako busy. Monday to Friday lang ang trabaho ko at anim na oras lang kada araw. Pero nanonood ako ng mga bagong K-dramas, ano!”

Napatawa ang kanyang kaibigan. “Tigilan mo nga ’yan. Ikaw lang yata ang cynical na taong nanonood niyan. Siguro baka kada linya ng dialogues nila’y may komento ka!”

Napangisi siya rito. “Hindi naman lahat. Ilang parts lang,” turan niya.

“Ipagpatuloy mo na lang ’yan kapag nakauwi ka na. Punta tayong simbahan at saka magmall tayong dalawa. Sige na. Hindi naman ito kada linggo ginagawa natin, ah.” Hinila siya ng kaibigan mula sa kinauupuan at itinulak siya papuntang banyo.

Napalingingon dito si Kendall at sinukat ng mga mata ang mukha nito. *May nangyari kaya sa*

babaeng ito? naisip pa niya. Nag-take note pa siya sa suot nitong wedges at peach Sunday dress.

Tumigil siya nang makapasok na sa banyo at hinarap ang kaibigan. Tinatantya pa ring tiningnan niya ito sa mukha.

“Wala kang date?”

Umismid naman ito. “Huwag ka na ngang magtanong. Basta maligo ka na at aalis tayo!” Isinara na nito ang pinto ng banyo.

Napaisip pa siya sa nobyo ng kaibigan. Baka may nangyari nga sa dalawa. Kumibit-balikat na lang siya at saka naghubad na para mag-shower.

Napatingin sa sarili ang dalaga pagkatapos mag-shower. Batid niyang maganda siya; nasa tamang lugar ang bawat kurbada ng katawan niya, mahaba ang buhok niyang hanggang baywang, medyo chinita ang kanyang mga mata, matangos kaunti ang maliit na ilong niya, natural na mapupula ang labi niya at makinis ang kanyang balat—maliban sa peklat niya sa kanang bahagi ng kanyang likod. Kaya di siya nagsusuot ng backless na damit.

“Di ka pa ba tapos riyan?” Kumakatok ang kaibigan niya.

Mabilis niyang iniwaglit ang nakaraang nagbabadyang bumalik sa kanyang isipan. Buti

na lang at narinig niya ang katok ni Luna. Dali-dali na siyang nagpunas at nakabalot lang ng tuwalya ang katawan nang lumabas patungo sa kanyang kuwarto.

Si Luna naman ay pinulot ang kalat niya at inilagay sa isang laundry basket. Nawala na rin ang kalat sa lababo at mesa niya. Nakita niyang sumuot si Matilda sa pagitan ng dalawang jalousie ng bintanang may maluwang na grills sa labas. Siguro ay dahil sa call of nature ng pusa kaya lumabas ito.

Naghahanap ng maisusuot si Kendall sa aparador nang pumasok ang kaibigan sa kuwarto niya.

“So, kumusta ang trabaho mo sa isa sa mga mayayamang pamilya ng Pilipinas?” tanong niya habang tiningnan ang isang pares ng jeans at t-shirt na nasa kama.

Kinuha nito ang mga iyon at ibinalik sa kanyang aparador. Sa halip ay kinuha nito mula sa hanger ang isang sleeveless na bestida. Iyon ang regalo nito noong isang taon sa birthday niya. Hindi pa niya iyon kailanman naisuot kahit minsan. Hindi kasi siya dress person.

“Iyan ang isuot mo. At huwag mo nang itanong ang trabaho ko. Quality time natin ’to

kaya walang halong work ang usapan natin. Okay?” Her friend gave her a toothless smile and batted her eyelashes.

Inagaw niya ang damit at iyon ang isinuot.

Lumipas ang mahigit dalawang oras at tapos na silang magsimba. Nagtungo na sila sa mall sakay ang taxi. Naglibot-libot muna sila at bumili ng ilang gamit-pambahay at pagkain.

“Naiihi ako, bes,” sabi niya kay Luna.

“Sige, order na lang ako ng spaghetti at burger bago tayo bumalik sa apartment mo,” anito.

Tumango siya at agad na umalis patungong ladies’ room. Maraming tao kaya mahaba ang pila. Nakita pa niyang may pumasok na matandang babae na normal lang tingnan at pumuwesto ito sa likuran niya. May lipstick itong gamit at pulbo lang yata ang in-apply sa mukha, may stud earrings sa magkabilang tainga at nakasuot ng relo sa kaliwang wrist nito. May dala itong bag na itim at nakasuot naman ito ng slacks at blusa saka one-inch high-heeled closed shoes. In fairness, maganda pa rin ang matanda.

Nang bumukas na ang isang cubicle, papasok na sana ang babaeng nasa unahan niya.

“T-teka, baka puwedeng paunahin natin si ale?” pakiusap pa niya sa babaeng nauna sa

kanya. Napuna kasi niyang tila hindi mapakali ang matandang nasa likuran niya. Baka naiihi na ito. Matanda pa naman.

Tiningnan pa siya ng babaeng nakasuot ng shorts at spaghetti-strapped tank top. Nakataas ang isang kilay na sinadya pa nitong tingnan siya mula ulo hanggang paa.

“Ako ang nauna kaya maghintay kayo,” anitong umirap sa kanya. Pumasok na ito sa libreng cubicle.

“Wala man lang konsiderasyon ’to,” nausal ni Kendall sa sarili at napaismid. Napatingin siya nang may paghingi ng dispensa sa matanda. “Sana po nagpalagay ang management ng banyo para sa elderly.”

Ngumiti ito sa kanya. “Maghihintay na lang ako, hija. Salamat,” sabi nito sa kanya nang malumanay. Mukhang edukada ito, sa tantya niya ay nasa seventies ang edad.

Nang may bumukas na pinto ng cubicle sa pinakadulo ay nagmuwestra siya sa matanda na paunahin ito. Nagpasalamat naman ito sa kanya at pumasok na sa loob. Nang may nagbukas sa katabing cubicle ng pinasukan ng matanda ay doon na siya pumasok.

Ilang minuto pa’y ay lumabas na siya mula

cubicle. Nagulat na lang siya nang makitang nakahandusay ang matandang babae sa labas ng cubicle na pinasukan nito.

“Oh, my God!” nausal niya. “Ale? Ale!”

Napatingin siya sa paligid. *Bakit biglang nawala ang mga tao rito? Nas’an na ’yung cleaning staff na nandito kanina?* Nag-panic si Kendall dahil hindi niya alam kung ano ang gagawin. Di niya kayang buhatin ang matanda, at di rin niya alam kung saan sa mall ang clinic.

Minabuti niyang tumawag sa hotline ng 911. Darating daw ang taga-ospital ng mga thirty minutes.

“Ano? Thirty minutes? Baka matigok na ito!” Wala pa ring malay ang matanda.

Inatake kaya ito? tanong ng isipan niya.

“Kung may bag po siya, pakitingnan kung may dala siyang gamot,” sabi ng operator.

Kaya tiningnan naman niya ang bag ng matanda. Wala siyang makitang kahit na ano roon kundi mamahaling cell phone, ilang tissue, pitaka, lipstick, pressed powder, case ng eyeglasses at alcolgel.

Kinakabahan na siya at baka kung ano na ang nangyayari sa matanda. Narinig niyang nag-vibrate at nag-ring ang cell phone nito.

Nagpaalam siya sa operator. Nakita pa niyang “Damuho” ang nakarehistro sa LCD screen. Napakunot-noo pa siya at sinagot ang tawag na iyon.

“A-am I calling the wrong number?” anang boses sa kabilang linya. In fairness, maganda ang boses ng lalaki at hindi matanda. Akala pa naman niya ay matandang lalaki ang may-ari ng numerong iyon na tumawag sa asawa nitong hinimatay. Sinuri pa niya ang hininga nito; medyo hindi normal iyon. Pero, at least, buhay pa ang matanda.

“Ah, eh... matandang babae po ang may-ari ng cell phone na ito. May emergency po. Nawalan po kasi siya ng malay,” tugon niya.

“What?” sigaw nito. “Where are you?”

Bahagya niyang inilayo sa tainga ang cell phone at napasimangot dito. *Ang lakas naman ng boses nito! Parang gumagamit ng megaphone.* Parang gusto niyang maasar sa taong kausap.

“Nasa ladies’ room kami ng *GB Mall*,” tugon niya at sinabi kung saang branch.

Ilang sandali pa ay nakita niya ang tatlong kalalakihan at isang babae ang pumasok sa ladies’ room. Sinuri ng babae ang matanda. Binigyan nito ng pampagising ang huli at

umungol saglit ito.

“The hell, Gramma!” Isang malakas na boses ang narinig ng dalaga at para pa siyang matulig dahil doon.

Nagtaas pa siya ng paningin at nakita ang isang lalaking nakapamaywang sa pintuan ng ladies’ room. Ang mga taong papasok ay pinaalis ng dalawang lalaki. Samantalang inalalayan ng babae at ng isa pang lalaki ang matanda upang makatayo ito. Si Kendall ay muling napatingin sa lalaking kararating lang.

He was tall, perhaps in his thirties, well-built judging by the bulk of his biceps sa suot nitong polo shirt at slacks. Mestizo rin ito. Medyo mamula-mula ang balat nitong parang Espanyol ang pinagmanahan, matangos ang ilong, medyo pink ang mga labi, makapal ang mga kilay na tila inukit at brown eyes. In short, he was a perfect male specimen she’d ever seen.

Tumayo na rin siya at saka hinarap ang lalaki. “T-teka lang. Bakit ka ba sumisigaw nang ganyan sa matanda, ha? Wala ka bang respeto sa mga matatanda?”

Noon ito tumingin sa kanya. Hinagod pa siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa at pabalik sa mukha niya. Sumimangot siya rito.

“And who are you?” he demanded with knitted brows.

“Ako lang naman ang sumagot sa cell phone ni... ni ‘Gramma’. At siguro ikaw ’yong nakausap ko judging by the tone of your voice,” aniyang umirap pa rito.

Narinig pa niya ang tila hagikgik sa likuran niya. Nagtaka pa siya na iyon ang reaksyon ng matandang babae.

Bumaling ang lalaki sa lola nito. “Gramma, let’s go. Bakit kasi dito ka pa nagpunta? Ginamit mo na lang sana ’yong banyo sa itaas sa opisina ko. Pinag-aalala mo ’ko,” anito na humina rin ang boses.

Opisina niya sa itaas? anang isipan ng dalaga. Humarang pa siya sa daanan ng lalaki at napatitig ito sa kanya.

Chapter Two



"You're welcome, 'Damuho'," sabi ng babae kay Damian Buenaventura.

She looked neat, petite but with the right curves in the right places. At kahit ayaw niyang aminin, nagagandahan siya sa babaeng ito. Parati pang hinihila ang mga mata niya sa mapupula nitong labi. They looked lush, beautiful, inviting, and soft. At halatang wala man lang itong makeup o lipstick na gamit Nakalugay ang mahaba at bagsak nitong itim na buhok, parang modelo ito ng shampoo.

At kahit sa suot nitong high heels ay hanggang dibdib niya lang ang taas nito. Naamoy rin niya ang hindi masakit sa ilong na pabango nito. She

was, in fact, like a breeze; she smelled like fresh air. Masarap sa pakiramdam.

Pero napamaang siya sa babae at narinig niya ang pagtawa ng kanyang Lola Samantha na tinatawag niyang ‘Gramma.’

“What? What did you say? Damuho?” Nag-umpisa na siyang mainis sa babaeng ito. Kanina pa ito.

Itinaas pa nito ang kilay. “That’s... your nickname, I guess,” anitong kumibit-balikat. “Iyon ang nakalagay sa phonebook ni... ni Gramma.” Ininguso pa nito ang abuela niya.

Napatingin sa itaas ang binata at bahagyang napapikit ng mga mata habang nakapamaywang pa rin. Napatingin siya ulit sa matandang nakatawa pa rin.

Ini-enjoy mo talaga ’to, ah, Gramma. Hindi mo pa iniinda ang sakit mo, naisip pa niyang naiinis na may halong pag-aalala. He couldn’t afford to lose his grandmother. Kaya naman hindi niya napigilan ang sariling mapasigaw kanina.

“Are you a dense woman? What kind of person has *Damuho* for a nickname?” inis na napabaling siya sa babae.

“Katulad mo. Hindi ka man lang marunong magpasalamat,” sagot nitong nagkuros pa ang

mga braso.

“Hija, ako na ang magpapasalamat sa 'yo. Damian, you shouldn't act this way. Siya ang tumulong sa 'kin,” malumanay na tugon ng Gramma niya.

Bago pa makahuma ng maisasagot ang binata ay lumapit sa kanya ang isa sa mga tauhan niya kasama ang guard ng *GB Mall* na pagmamay-ari ng pamilya niya at siyang mina-manage niya.

“Sir Damian, nasa ibaba na po ang ambulansya,” anang guwardya.

Napabuntong-hininga ang binata. Dapat hindi ito malaman ng media at ng Tito Ben niya. Baka gagamitin nito ang pagkakataong ito upang ipahiya siya and the worst case was, ang i-pressure ang kanyang abuela ukol sa family business nila.

“Sabihin mong okay na ang pasyente at hindi na kailangang magpaospital. Paalisin mo na ang ambulansya, guard,” utos pa niya rito.

“Opo, Sir.” At tumalima na ito.

“Merianne, samahan mo na sa bahay si Gramma. Bakit kasi hinayaan mo lang siyang gumala nang mag-isa,” sisi pa niya sa personal nurse na dapat sana ay parating kasama ng kanyang lola. Ito ang babaeng nagbigay ng pampagising sa matanda.

Napakamot ito ng batok at hindi makasagot sa kanya. Inalalayan na lang nito si Lola Samantha palabas ng ladies' room. May mga customer na pumasok na roon at may ibang nakiusyuso sa nangyayari. Kaya dapat na umalis na sila roon bago lumala ang lahat. Napatingin siyang muli sa babaeng nakaharang pa rin sa kanyang daanan.

Tinanguan niya ang kanyang personal assistant na si Brian. Tinabig niya ang babaeng nakaharang para sundan ang kanyang abuela.



“Huh! Ang sama talaga ng ugali!” pahabol pang sabi ng dalaga sa lalaking tumabig sa kanya mula sa daanan nito. At pinilit niyang ignorahin ang pagkiskis saglit ng kanilang mga balat nang hinawakan nito ang kanyang braso gamit ang likod-kamay.

Nakita niyang may kinuhang checkbook ang isang lalaking naiwan doon, nagsulat sa tseke, pinilas iyon at ibinigay sa kanya.

“Ano 'to?” Tiningnan pa niya ang numero roon. Twenty thousand pesos ang nakalagay.

“Sa abala mo, Miss,” sabi ng lalaki at tumalikod na.

Ngunit pinigilan niya ito sa manggas at ibinalik ang tseke. “Hindi ko kailangan 'yan.

Sabihin mo sa amo mong may masamang ugali na hindi niya mapapalitan ng twenty thousand ang isang salitang ‘salamat!’”

Pagkatapos niyon ay iniwan na niya ang lalaking tila kasing-edad ng Damuho na iyon pero hindi kasing-guwapo.

Masasama talaga ang ugali ng mga guwapo! sa isip pa niya. Nagmartsa na siya patungo sa food court kung saan naghihintay sa kanya si Luna. Baka nagtataka na ito ngayon kung bakit natagalan siya.

Nagpupuyos pa rin ang kanyang dibdib kahit na dumating na sila ni Luna sa kanyang apartment.

“O, hindi mo man lang ba sasabihin sa akin kung bakit ang sama at ang itim ng awra mo mula nang bumalik ka galing CR sa mall?” puna ng kaibigan at ipinatong sa mesa ang kanilang mga pinamili.

Hinubad ni Kendall ang suot na high-heeled shoes nang makaupo sa mahabang sofa. “Not worth telling. Ano ba ang silbi niyon kung wala ka namang magagawa?”

Napamaang ito sa kanya. “Wow! Taray mo, ah!” Umupo ito sa tapat niya sa pang-isahang upuan. Ikinuroos nito ang mga braso at pati na ang mga hita na sumandal sa kinauupuan.

Pinakawalan niya ang isang malalim na hininga. Humiga siya sa sofa habang napaisip sa guwapong mukhang isang lalaking nagngangalang Damian na may opisina sa itaas ng *GB Mall*.

Supervisor kaya siya ng mall? naisip pa niya.

“Well, hindi mo ba talaga sasabihin sa ‘kin kung ano ang nangyari? May nakaaway ka ba doon?” untag ni Luna sa kanya.

“Bes, masama ba ang ugali ng amo mo? Nagtatrabaho ka sa *GB Hotel*, di ba?” baling niya rito. Inignora niya ang tanong nito.

Napataas ng kilay ang kausap. “Bakit mo naitanong?”

Umupo siya para mapaharap dito. Tumabi naman sa kanya si Matilda at sumiksik sa tagiliran niya. Hinayaan niya ito.

“Iyon din ang may-ari ng *GB Mall*, di ba?”

Umismid si Luna. “Akala ko ba nakuha mo na ang sinabi ko na kanina? Walang topic about work dahil quality time natin ‘to,” anitong binigyan siya ng nakakairitang ngisi.

“Hus! Ang OA mo naman! Bonding din ‘to, ah. At least, may alam ako sa work mo, bes.” Ipinatong niya ang mga paa sa center table.

Bumuntong-hininga ito at ipinatong din nito ang mga paa sa center table.

“Well, hindi pa ako nakapag-face-to-face sa CEO ng *GB Group*. Matanda na daw ’yon, eh. Kaya siguro parating hindi pumapasok kundi sa mga importanteng meetings lang.”

“Ah... *Kung gan'on ay siguro manager o supervisor lang talaga ang Damuho na 'yon*, sa loob-loob pa niya. *Kung makaasta ay parang may-ari ng mall at ng buong GB Group! Mas bagay sa kanyang tawaging 'Damn' kaysa 'Dam' o 'Damuho,' eh!*

“O, nanlilisik ’yang mga mata mo, bes. Ano ba?” untag ulit ni Luna sa kanya.

Ngumisi siya rito. “Wala. May gusto lang sana akong i-curse pero hindi ako witch, eh.”

“Grabe! Ibinibitin mo talaga ako sa ere!” reklamo ng kaibigan.

“Maiba naman tayo. Mukhang may problema ka. Hindi mo ba sasabihin sa ’kin?”

Isang malalim na hininga ang pinakawalan nito at tumingin sa kanya.



“Ano? Ibinalik niya ang tseke?” Nakasimangot si Damian nang mag-report sa kanya si Brian nang makabalik ito sa opisina niya sa top floor ng mall.

“Ito po ang verbatim ng sinabi niya, Sir: *Hindi ko kailangan ’yan. Sabihin mo sa amo mong may masamang ugali na hindi niya mapapalitan ng*

twenty thousand ang isang salitang 'salamat!'” sagot nito na pilit ginaya ang boses ng babae.

He chuckled softly. “She’s got a nerve!” *Mayaman din kaya siya kaya hindi niya kailangan ng pera?* dagdag sa isipan niya.

Napaisip siya kay Lola Samantha. Mamaya ay kakausapin niya ito pagkauwi sa bahay nila. Ngayon ay aasikasuhin niya muna ang reports bago umuwi.

Pinauna niyang umuwi si Brian. Tulog na ang kanyang Gramma nang dumating siya. Alas nueve na iyon. At sinabi ng doktor ay kailangan nitong magkaroon ng tamang pahinga kapag gabi.

Nagtungo siya sa kanyang kuwarto pagkatapos niyang masilip ang matanda na tulog na nga sa kuwarto nito. Kasama nito ang night shift na nurse na si Jean.

Nag-shower na siya bago nagsuot ng kanyang boxer shorts. Umupo siyang nakasandal sa headboard ng kanyang kama at ini-on ang cable TV.



“Can you explain this to me, Gramma?” Magkasalubong ang mga kilay na ibinagsak ni Damian ang isang folder sa mesang nasa harap ni Lola Samantha. Nakapamaywang pa siya at pinagmasdan ang abuela na kampanteng

umiinom ng gatas sa umagang iyon.

Sinulyapan nito iyon pero nagpatuloy lang ito sa pag-inom. Nasa balkonahe sila ng mansion na tinitirhan nilang maglola.

“You read it?” mahinahong tanong nito na kalmante pa rin, at inilapag ang basong nangangalahati na sa gatas.

“Of course I did! Why are you doing this?” naiinis pa niyang tugon.

“Who gave you the copy?” Kalmante pa rin itong nagsalita.

“It doesn’t matter.”

Binigyan siya nito ng isang matalim na tingin. “That’s my last will and testament and you have to do whatsoever is in it. If not, you’re not going to get anything else, but merely that *GB Mall!*”

Napahigit siya ng hangin. Pagkatapos ay napatawa siya nang mapakla. “Are you getting senile, Gramma? Or you’ve just plainly succumbed to your crazy old head?”

The heck! Hindi mapupunta sa ’kin ang buong GB Group kapag hindi ko susundin ang conditions niya? anang isipan niya.

Asar pa siyang umupo sa tapat nito. Napatingin siya saglit sa napakalapad na lawn na may well-manicured landscape at mga kahoy

sa dulo. Sa kabilang banda ay ang automatic gate, pero may guwardya pa ring nakabantay sa guardhouse malapit doon. Napatingin siyang muli sa abuela na umiinom ulit ng gasas.

“Call it whatever you like. Iyon na ang huli kong pagpalit ng last will and testament ko. It’s up to you to fulfill the conditions given there whether or not I’m gone from this world.”

Napalunok si Damian. May taning na ang buhay ng Lola Samantha niya. She was all he’s got. Hindi kasali ang Tito Ben niyang adopted son nito na gusto ring maangkin ang *GB Group* na ayaw niyang mangyari. Gahaman kasi ito.

“And if not, *GB Group* will go to Tito Ben, right?” he sourly added.

“You already read my last will and testament, Damian,” malamig na tugon nito .

Napamura siya. Humalakhak naman ang abuela niya. “You surely curse like an old man, Damian. Pero wala ka nang magagawa. Gagawin mo ang nakasaad sa last will and testament ko. And yes, if you’re not going to satisfy the conditions given there, everything will go to your Tito Ben. At alam nating pareho na hindi dapat mangyari ’yon. He’s neither a Garcia nor a Buenaventura—not even a single drop of his

blood. He was just someone from an orphanage that your grandfather and I took in. We didn't know that he'd be like this after all that we've done for him."

"So, why?" His face looked grim.

"Figure it out yourself. You have a healthy brain, unlike me."

"Ayokong mapasakanya ang buong *GB Group*, Gramma. Alam mong gahaman siya at hindi siya makabubuti sa mga empleyado. He'll make changes that can only make him richer and he'll take out some employee benefits in the process. Hindi mamo-motivate ang mga employees kapag ganoon," he reasoned.

Napatitig sa kanya ang abuela. "I get your point. And I am also very aware of that. But then, do everything you can to stop it from happening. Whether you have the right leverage or not, I trust that you're going to make the right decision. Well, when it comes to my conditions. At walang magbabago sa last will and testament ko." Pagkasabi niyon ay iniwan na siya ng matanda.

Ang stubborn din ni Lola Samantha. Napakuyom siya ng mga palad nang biglang dumako ang isipan niya sa babaeng humarang sa kanya at isinauli ang tsekeng para rito.



Ilang ulit nang binabasa ng dalaga ang isang sentence, pero hindi pa niya ma-edit-edit dahil naguguluhan siya sa ibig sabihin niyon. Isa pa, sumisiksik paminsan-minsan sa isipan niya si Damuho kaya distracted siya.

Nagtatrabaho siya bilang isang Science news site editor. Pagkatapos niyang mag-edit ng mga articles ng writers ng team niya ay pina-publish niya ang mga ito. At bukod sa pagiging editor ay part-time news writer din siya sa isa pang website.

Tatlong taon na siya sa trabahong ito at kasya para sa kanya ang suweldo kung hindi man sobra nang kaunti na puwede niyang gamitin sa pagbabakasyon kung gugustuhin man niya.

“Researcher deeper dig on...” she read aloud. Napahigit pa siya ng hangin. Napakagat-labi siya sa inis sa writer niyang chaka kung magsulat. Pero hindi niya puwedeng pagalitan ito. Editor nga siya, eh. Kaya itama niya dapat iyon. *“Dapat... Researchers dig deeper on...”* nausal pa niya sa sarili.

Pagkatapos niyon, gamit ang scheduler ng system ay ini-schedule na niya ang pag-publish ayon sa patakaran ng kanilang site. 3 AM to 6:30 AM EST ang schedule ng pag-publish. At dahil sa

maaga pa ay iyong schedule button ang ni-toggle niya sa halip na manual publish.

Napabuntong-hininga si Kendall. Iyon ang last article na naka-queue kaya may oras na siya sa pagsusulat sa isa pang website na pinagtatrabahuhan niya bilang part-time writer. At dahil sa established ang site na iyon ay hindi niya kailangang magsulat nang marami.

Traffic generation o dami ng nagbabasa sa articles ang basehan ng suweldo. Malaki ang kita niya kahit tatlong articles lang na may three hundred words ang kanyang isusulat kada araw. Nakaka-\$1,400 max siya kada buwan. At hindi iyon kasama sa suweldo niya bilang editor.

Ano kaya ang ginagawa ng damuhong iyon ngayon? Sinisigawan na naman ang Gramma niya o nagsu-supervise sa mall? Mukha pa namang may-sakit iyong matanda. Wala talagang konsiderasyon ang taong iyon. O kaya naman... alalang-alala lang siya noon kaya gan'on na lang ang reaction niya? Hindi naman siguro siya masyadong masama kapag ganoon nga.

Bigla siyang napapilig ng ulo. Bakit ba niya ina-analyze ang karakter ng taong iyon? It wasn't like they were going to have further connection in the future, anyway.

Chapter Three



Manonood si Kendall ng *The Legend of the Blue Sea* ni Lee Min Ho sa online streaming nang hapong iyon.

“Hay, Heo Joon Jae, huli ka na. Wala na ang ama mo,” malungkot na usal pa niya sa sarili at nagpapak ng mani habang nakatutok ang mga mata sa monitor ng kanyang laptop.

Tinabig pa niya si Matilda na pumatong sa laptop niya. Binigyan niya ito ng masamang tingin.

“Matilda, diyan ka lang sa tabi, okay?” saway niya sa pusa at ngumiyaw ito. Umupo na nga ito sa tabi ng laptop at napatingin sa monitor.

Bigla siyang nakarinig ng pagkatok sa pinto

ng kanyang apartment. Akala pa niya noong una ay galing iyon sa katabing unit. Pero sa kanya pala nang tila gigibain na ang pinto niya sa kakakatok ng sinumang herodes ang nasa labas.

Nag-pause muna siya sa pinapanood at saka nakapaa lang na binuksan ang pinto. Pero hindi niya inalis ang chain lock. Malay ba niya kung sino iyon? Nagmi-missed call kasi si Luna sa tuwing pupunta ito sa apartment niya.

Namangha siya nang makita ang herodes sa labas. Mali siya. Si Damuho ang nandoon.

“P-paano ka napunta rito?” gulat na usisa niya kaagad sa lalaki.

“Hindi mo ba ako papapasukin?” Nakapamaywang ulit ito.

Sumimangot siya. *Ang natural lang ng pagkabastos nito!* “At bakit? Hindi kita kilala.” Napatingin pa siya sa kalat niya at sa suot niyang pajama at t-shirt.

“I... just want to talk to you,” he said grimly.

Umismid siya. “You can talk there. You don’t need to come in.”

Napatawa ito nang marahan. “Don’t delude yourself, Kendall T. Marino—”

Napamaang pa siya. “P-paano mo nalaman ang pangalan ko? Stalker ka ba o talagang con

man ka lang?”

Lumapit sa kanya ang lalaki kahit nakaharang ang pinto sa pagitan nilang dalawa. “I swear I’d never met a denser woman than you.”

Inis niya itong tiningnan. Narinig pa niya ang pagngiyaw ng kanyang pusa na noon lang niya napunang nakalabas pala ng pinto at sumisiksik na ito ngayon sa paanan ng lalaki. Nakita niya ang nandilat na mga mata nito na parang nagulat sa ginawa ng hayop. Mukhang hindi ito sanay sa ganoon at napaatras ito. Dahil dito ay disgrasyang nasipa nito ang pusa at nagalit si Matilda. Galit niyong tiningnan ang lalaki. The poor cat even made a hissing sound for what he did to it.

“Matilda!” Walang choice ang dalaga kundi ang buksan ang pinto at kunin si Matilda at baka madisgrasya nitong muli ang pusa. Masakit iyon. “Irereklamo kita dahil sa animal cruelty mo!” banta niya na kinarga ang alaga. Pinapatahan pa niya iyon.

“I didn’t mean it! M-may bad experience ako sa pusa.” Parang napahiya ito sa pag-amin ng bagay na iyon. “Muntik na akong mamatay noon. Nagbisikleta ako nang biglang dumaan ang itim na pusa at umiwas ako. At sa halip ay nahulog ako sa kanal na under construction. May peklat

pa nga ako sa ulo, o.” Ipapakita pa sana nito iyon, pero inignora na lang niya.

Ilang saglit pang pagtitig sa kanya ay pumasok na ito sa kanyang apartment. Nagmadali siyang sumunod dito, pero huli na’t nakita nito ang kabuuan ng tirahan niyang sobrang kalat. Tinakpan pa nito ang ilong at irita siyang tiningnan.

“Is... is this a pigsty?” he shockingly inquired.

Nakikinita nga niyang napapahumindig ang lalaki. Lalo na’t nakita nito ang isang bra na nasa sofa. Nangati kasi siya dahil siguro sa pawis kaya hinubad niya iyon kanina habang nanonood sa K-drama ni Lee Min Ho. No, hindi siya pervert. Hindi iyon dahil sa Korean actor. Makati lang talaga ang feeling niya kaya ganoon. Nagtitipid din kasi siya kaya electric fan lang ang gamit niya sa halip na air-con kahit mayroon siya niyon.

Biglang nag-init ang kanyang mukha dahil sa reaksyon nito. Napanguso siya.

“Huwag mo ngang ibahin ang usapan! Sabihin mo na ang gusto mong sabihin at umalis ka na!”

Napatingin sa paligid ang binata na tila may hinahanap. At nang makita ang cell phone niyang nakapatong sa pang-isahang sofa ay

kinuha nito iyon.

“I-unlock mo,” utos nito. Ang isang kamay ay nakatakip pa rin sa matangos nitong ilong.

Napalabi pa siya rito at tiningnan nang matalim.

“At bakit?” inis niyang tanong, pero tumalima sa nais nito. Saka ibinigay niyang muli ang cell phone niya sa lalaki.

“I’ll get your number and I’ll save my number in your phonebook instead. And you better come when I tell you to come. Understood?”

“Or else?” panghahamon niyang napilitang magtaas ng mukha dahil sa tangkad nito.

The man wearing a three-piece suit stepped a little closer to her. His perfume wafted through her nostrils.

Ang bango talaga ng Damuho na ito! naisip niya. At lalo pa itong pumogi sa suot nito. She found herself admiring his physical features.

“I’ll kill your cat!” anitong ibinagsak sa sofa ang kanyang cell phone.

In an instinct, inilayo niya si Matilda mula sa lalaki. Napakurap-kurap pa siya.

“There are many ways to do it,” patuloy pa nito. “In fact, you can choose. I’ll poison your damn cat or I’ll have it run over by a vehicle or—”

Itinaas niya ang isang kamay dahil ang isa ay nakahawak pa rin kay Matilda. “Fine! Pupunta na ako kahit saan mo gusto. Pero sa isang public place.”

Ngumisi sa kanya ang lalaki nang hindi na ngayon tinakpan ang ilong.

“I was just kidding about your beloved cat. I have nothing against your pet. Pero wala nang bawian. Nag-agree ka na, ah.” He gave her an amused smile and his eyes glinted with mischief.

Napalunok si Kendall dahil sa pakiramdam niya ay nanuyo ang kanyang lalamunan. Pero nakahinga siya nang maluwag dahil magiging okay ang alaga niya. Nakakatakot naman kung mang-blackmail ang taong ito. Parang psycho. Pero biro lang pala iyon? Nadale talaga siya.

“And public place it is... as you wish.” At bago umalis si ‘Damuho’ ay napatingin ito with disgust sa paligid. Saka binigyan siya nito ng nakakalokong ngiti bago isinara ang pinto ng apartment niya. Para namang matutunaw ang puso ng dalaga nang dahil sa ngiting iyon at parang nanlalambot ang mga tuhod niya.

Nabitiwan pa niya si Matilda at napasutsot sa inis ang puso. Inignora niya ito at agad na ini-lock ang pinto. Baka babalik pa ang nang-uuyam na

taong iyon.

Pinaypayan niya ang nag-iinit na mukha. Napatingin siya sa sarili at tumakbo sa banyo kung saan may whole body mirror siyang nakadikit sa dingding.

Shit! Klarong-klaro pala ang nipples ko sa t-shirt na 'to! miserable pang sabi ng isipan niya.



Napatawa nang marahan ang binata nang nasa loob na siya ng kanyang mamahaling sasakyan. Ang personal assistant niyang si Brian ang nasa driver seat. At siya naman ay nasa backseat.

“Sir, aalis na ba tayo?” tanong nitong nakatingin sa kanya sa rearview mirror. Napuna yata nito ang pagtawa niya.

“Yeah, let’s go,” tugon niya. Napaisip siya sa reaksyon ni Kendall. It was priceless.

Dahil sa nakita niyang bra sa sofa ay hindi niya sinadyang mapatingin sa dibdib ng dalaga. Even with the fabric that hid her breasts, they still looked inviting. Napalunok tuloy siya.

His hand covered his mouth as he thought of something erotic because of that peculiar woman. Sa totoo lang ay hindi ang pusa nito ang tiningnan niya kanina kundi ang dibdib nito.

At kahit sa suot nitong nakita niya ay mabango pa rin ang babae katulad noong una niya itong nakatagpo. She was still a breath of fresh air kahit sa paligid nitong parang tahanan ng baboy. And it amazed and amused him at the same time.

Napailing siya.

“Tumawag nga po pala si Reina. Kararating lang daw niya sa airport,” untag ni Brian sa kanya.

Napasimangot si Damian. Ano naman kaya ang gusto ng adopted daughter ni Tito Ben sa kanya? Dahil hindi kayang manganak ng asawa nitong yumao na ay nag-adopt ang mga ito ng isang taong gulang na batang babae noon na galing sa orphanage. At ito na nga si Reina. It was really ironic dahil isa ring adopted si Tito Ben.

Kasalukuyang mina-manage ng may-edad na lalaki ang resorts ng *GB Group*. Pero bukod doon ay may sarili itong negosyo katulad ng shipping lines dahil iyon ang ibinigay ng lolo niya rito noong nabubuhay pa ang huli. At pinapamanage din ng yumaong matanda ang mga resorts dito para may katuwang din siya. Iyon nga lang ay gusto nitong maangkin kahit ang iba pang negosyo ng *GB Group*. At kung maaari ay ang kabuuan nito.

Hinugot niya ang cell phone na nasa loob ng

kanyang bulsa at saka ini-dial ang numero ng hilaw niyang pinsan.

“What do you want?” bungad niya nang sinagot nito kaagad ang kanyang tawag. Napatingin naman siya sa kanilang dinaanan ni Brian.

“I missed you, Damian,” may paglalambing pang sabi nito. “Can we meet tonight?”

He chuckled softly. “How about never?” Saka inis niyang tinapos ang tawag na iyon. Iyon lang pala ang gusto nito. Batid ni Reina na adopted lang ito at kaya naghahabol ito sa kanya katulad ng ibang babae. Kinikilabutan talaga siya sa babaeng ito. Akala pa niya ay may sasabihin ito tungkol sa negosyo. Iyon pala ay walang kinalaman doon.



“Hello,” sagot niya sa kabilang linya. Isang tawag ang gumising sa kanya isang umaga.

“Ite-text ko sa ’yo ang lugar kung saan tayo magkikita. Huwag kang male-late, ha?” narinig pa niyang sabi ng lalaki.

Napabalikwas siya.

“Damuho?” Tiningnan niya ang screen. ‘Hottie’ ang nakalagay roon. *The f*ck?* nasa isip pa niya habang napamangha sa nadiskubre. Nawala

na kasi sa isipan niya na may numero pala siya ng Damian na ito.

Narinig niyang napatawa ito nang mahina. “Sa lahat siguro ng mga Damuho, ako ang pinaka-hot, hindi ba?”

Napaawang muli ang kanyang mga labi dahil dito habang tumaas ang kilay. “Bakit mo ba ako ginising sa tawag mo, ha?”

Pinili na lang niyang ignorahin at huwag na itong patulan sa pagiging conceited.

“Ite-text ko nga kung saan tayo magkikita mamaya. Nakalimutan mo na bang dapat na dumating ka kapag sinabi ko, ha?”

“Hoy, huwag mo na ngang ipaalala sa ‘kin ’yan!” Tinapos na niya ang tawag bago pa man ito makasagot sa kanya. *Kung magte-text lang siya, bakit tumawag pa? Asar! Pero... okay na rin at narinig ko ang boses niya.* At natigilan siya sa naisip. “Kendall, huwag kang mapahanga sa kanya, please,” saway niya sa sarili.

Naiiling na inilagay niya sa bedside table ang cell phone. Gising naman na siya kaya kailangan na niyang bumangon at nang makapag-umpisa na siya sa kanyang trabaho nang maaga.



Napangisi pa si Damian kahit na binabaan

na siya ng kausap. Itinabi na niya ang kanyang cell phone sa ibabaw ng salaming mesa. Nasa opisina na siya sa mga oras na iyon. He was an early riser. Nag-eehersisyo siya bago kumain ng continental breakfast.

Mayamaya ay nag-text na siya sa babae kung saan sila magkikita. Naisip niyang sa hotel restaurant niya ang tagpuan para mas madali para sa kanya. May meeting pa siya pagkatapos ng lunch, bandang mid-afternoon. Kaya sinabi niya na magkita sila ng lunchtime. Isa pa, gusto nito ng public place kaya ganoon.

Subalit naghihintay na siya roon nang dalawang oras ay walang Kendall T. Marino na dumating. Ito ang unang pagkakataon na may nang-indyan sa kanya.

Galit siyang tumayo at bumalik sa kanyang opisina, sa penthouse. Nagpahatid na lang siya roon ng makakain habang hinihintay ang oras ng kanyang staff meeting in less than an hour.

Ini-dial niya ang numero ni Kendall. Pang-apat na ring pa bago iyon sinagot ng babae. Sinusubukan talaga nito ang pasensya niya.

“Bakit hindi ka dumating sa usapan natin?” galit na bungad niya.

“At bakit naman ako darating? Hindi nga kita

kilala, 'no! At hotel restaurant pa ang sinasabi mo. Eh, nasa hotel 'yan!"

Napapikit siya sa pagkaasar. "Public place din naman 'yon, ah!"

"Kahit na. Wala akong tiwala sa 'yo."

Napasinghap pa siya dahil doon.

"Sir? We're ready for the meeting." Sumungaw ang ulo ni Brian sa nakaawang na pinto pagkatapos nitong kumatok.

Hindi na lang siya nagsalita sa kausap na babae at tinapos na ang tawag.

Lagot ka mamaya ka sa akin, babae ka, nasa isip pa niya.



Nabigla ang dalaga nang mapagbuksan ng pinto si Damian. Hindi niya akalaing pupunta ito ulit sa apartment niya. Pero katulad ng dati ay hindi niya inalis ang chain lock at sinilip lang ito.

"Nakalimutan mo ba kung ano ang mangyayari kung hindi mo ako kakausapin?" derechong sabi nito sa kanya. His face looked grim and seemed ready to murder, perhaps preferably her.

Napalunok siya. Pero matibay pa rin ang loob niya. Hindi siya susuko sa damuhong ito.

"You can't murder my cat! Biro mo lang 'yon,"

sabi niya na ngumiti nang nang-aasar.

Napatawa ito nang mapakla. “Right! So... now, I’m asking you nicely. Would you please go out with me?”

Patlang. Hindi kumibo ang dalaga.

“You wouldn’t know what I’m capable of doing, lady.” At biglang sumeryoso ang mukha ni Damian. “I know that you live here. I know that your cat is going outside to do her business. So—”

“Oh, my God! May nilagay ka bang hidden camera dito?”

Chapter Four



Dara siyang baliw na sinuri ang bawat sulok ng kanyang apartment. Pero wala naman siyang nakita.

“What? Akala mo ba mag-e-effort akong palagyan ng hidden camera ang unit mong mabantot at makalat?” narinig niyang sabi ng damuhong si Damian. “I was just trying to say that...” Napatigil ito. “I won’t do any harm to your cat, I swear. So, just as I said, I want to go have dinner with you some time. Hindi kita napasalamatan sa pagtulong mo sa Gramma ko.” Nakapagitan pa rin sa kanila ang pintong nakaawang lang nang kaunti.

Hindi naman makapagsalita si Kendall dahil

doon. Ngunit binigyan pa rin niya ito ng isang matalim na tingin.

“Hindi mo na ako kailangang i-treat ng dinner dahil sa ginawa ko. Kahit sino ay gagawin ’yong ginawa ko. Pero tatawag ako ng pulis kapag inistorbo mo pa ako!” banta niya sa wakas.

Tumawa sa kanya ang lalaki. Sinipa nito ang kanyang pinto, pero hindi naman malakas. Parang gusto lang siya nitong gulatin.

“Huwag mo nga akong galitin! Binili ko na ang apartment building na ito kaya kung tatawag ka ng pulis, pag-isipan mo na lang ang dapat mong ire-report. Kung hindi, ikaw ang ipakukulong ko!”

Napamaang pa siya rito. Ang bilis talagang magbago ng timpla nito. *At ano raw? Binili na niya ang apartment building na tinitirhan ko? Kailan pa?*

“You must be joking, right? Isa ka lang namang supervisor sa mall,” sabi pa niyang isinara na ang pinto ng kanyang apartment. Napasapo siya sa dibdib niya at kinausap ang sarili. “Ano ba’ng problema ng lalaking ‘to? Bakit niya ba ako kinukulit?”

Oo nga’t hindi ako araw-araw na kinukulit ng isang guwapong lalaki. Pero ang isang ’to, parang psycho, eh! dagdag ng isipan niya.

Ilang minuto pa ang lumipas at natahimik na rin. Babalik na sana siya sa sala nang may narinig siyang katok.

“Bakit ka ba—” bungad niya at napatigil nang makitang may dalawang pulis sa labas. Napakurap-kurap pa siya. *Bakit may pulis na?* Tumikhim siya. “A-ano’ng atin?” naitanong na lang niya. Saka nahuli ng isang sulok ng kanyang mga mata ang Damuho. Mukhang nasisiyahan pa ito sa pagharap niya sa mga pulis.

“Puwede ka bang sumama sa amin, Miss?” anang lalaking pulis. Babae ang partner nito at mukhang Amazona.

“B-bakit? Ano’ng ginawa ko? Wala akong batas na nilabag, ah,” mabilis niyang turan.

“S’abi ni Mr. Buenaventura na hindi ka nagbayad ng upa sa buwang ito. Nahuli ka daw. Ilang beses ka na raw niyang ni-remind pero...”

Bigla siyang napaisip. *Wow. Pulis agad-agad? Hindi ba puwedeng barangay muna?* Napamura pa si Kendall sa isipan pagkatapos. Oo nga pala. Dahil nag-out-of-town ang landlord niya ay hindi pa siya nakapagbayad at hindi naman siya siningil at kaya nakalimutan niyang ibigay iyon. At ngayon, kung talagang nabili na ng Damuho na ito ang apartment building niya ay totoo

ngang hindi pa siya nakapagbayad. Pero ang ni-remind siya? *Talaga nga naman ang hinayupak na damuhong* 'to, inis na naisip pa niya.

“M-magbabayad na ako. Nakalimutan ko lang. Pero... talaga bang siya ang may-ari ng apartment building na 'to? Ibang tao kasi ang landlord ko.”

Sa halip ay ibinigay ni Damian ang papeles at ipinakita sa mga pulis. Tiningnan iyon nang maigi ng mga alagad ng batas. Napatitig sa kanya ang babaeng pulis.

“Miss Marino, si Mr. Buenaventura ang may-ari ng apartment building na ito. Kaya kung ayaw mo ng gulo—”

Inagaw niya ang papeles mula rito. Tiningnan niyang maigi iyon. Noong isang araw pa pala nito binili ang apartment building?

“M-magbabayad na nga ako. Teka lang, kukunin ko lang 'yong pera,” sabi pa niyang ibinigay muli ang papeles sa pulis na napanganga. Nagmadali siyang tinungo ang kuwarto at kinuha ang sobre na nakalaan na para sa kanyang upa. Binalikan niya ang mga tao sa labas. “Iyan,” aniyang iniabot iyon. “S'abi ko nga nakalimutan ko lang magbayad, eh. Kompleto 'yan kahit bilangin n'yo pa.”

Napatingin ang dalawang pulis kay Damian. Humakbang ito upang kunin ang sobre, pero hinawakan nito ang kamay niya nang mahigpit. Hindi naman iyon napuna ng mga pulis dahil sa umatras ang mga ito upang makaharap niya ang binata.

Napakagat-labi si Kendall nang hindi niya mabawi ang kamay. He was obviously strong and unyielding. It was like a band of steel that was holding her captive.

“So, naniniwala ka na ba ngayon na puwede kong gawin ang lahat?” pabulong na turan nito na may pagdiin sa tono ng boses nito.

Sa isipan niya ay sinaksak na ng dagger looks niya ang binata at nakahandusay na ito.

Humigit siya ng hangin. “Darating na ako sa susunod,” marahang tugon niya sa lalaki na ito lang ang nakarinig. Pero nakatiim-bagang naman siya.

Matagumpay pang kumindat ito sa kanya. Pero hindi niya alam kung bakit parang lumundag ang puso niya sa nakakairitang gesture na iyon.

“I promise that I’ll behave this time. Really. I swear!” pa-charming pang saad nito bago umalis. Mukhang ang saya-saya na nito. Pero hindi niya maintindihan ang tila roller coaster na mood

nito. Parang hindi niya ito masakyan.



Huminto muna ang dalaga sa harap ng entrance ng mamahaling restaurant at pinagmasdan iyon. Napangiwi pa siya nang bahagya at napasimangot.

Bakit ba ako pumunta rito? Talaga bang gusto niya lang magpasalamat sa 'kin dahil sa pagtulong ko sa Gramma niya? aniya sa isipan.

Pumasok siya roon. Tumingin siya sa paligid habang hinahanap kung nasaang mesa naroroon si Damian.

“Miss Marino?” tanong ng sumalubong na waiter sa kanya.

Napabaling siya ng tingin dito. Marami-rami ang customers sa restaurant. Para nga siyang mahihilo sa kahahanap kay Damian.

“Yes,” tugon niya.

“This way po,” anitong nakangiti sa kanya at nagmuwestra na itong sundan niya ito.

Sumunod siya. Nagulat pa siya dahil may VIP room ang restaurant na iyon. Binuksan ng waiter ang pinto at sinalubong siya ng malamig na buga ng air-con sa loob. Parang mas malamig pa ito kaysa sa labas.

Nakita niyang nakaupo si Damian na

nakasuot ng three-piece suit na parang bored na naghihintay sa kanya. He lazily glanced at her when the door opened. Hinagod kaagad siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa at pabalik sa kanyang mukha.

Walang pakialam ang dalaga kung jeans at simpleng blouse lang ang suot niya ngayon. Komportable kasi siya sa ganoong get-up.

Iniwang na sila ng waiter at isinara ang pinto. Nakita niyang may pagkain nang nakahanda sa mesa.

“You’re at least ten minutes late,” anitong sinulyapan ang smartwatch. Then he laced his fingers in front of him. His eyes roved up and down her face.

Napaismid pa siya at umupo sa tapat nito. Inilagay niya sa isa pang bakanteng upuan ang kanyang bag na may katamtaman ang laki. Para sa apat na tao ang table na iyon.

“Paano nalaman ng waiter na ako ang hinahanap niya?” curious na tanong niya.

Napatawa ito nang marahan. “I merely told him that whoever looks plain that comes into the restaurant, it’s none other than you.”

Kendall smirked at that blunt reply. “What if nagkamali ka ng description?”

“But I didn’t,” he retorted.

“Tsk! Ang sama talaga ng ugali mo.”

“Kung hindi ka gutom, puwede ba akong maunang kumain?” matabang na saad nito.

Kumibit-balikat siya. “Ikaw ang nag-order at ikaw din naman ang magbabayad, please don’t let me stop you.” She gave him a fake sweet smile.

Umismid ang binata na may masamang tinging ipinukol sa kanya. Pero hindi ito nagsalita. Sa halip ay inabot na nito ang nais nitong kainin. Kalimitan ay gourmet ang mga iyon sa unang tingin pa lang niya. Anim na klase ang mga iyon. Saka may red wine sa tabi na nakalubog sa ice at may isang pitcher ng malamig na tubig sa tabi.

Nanonood naman siya habang kumakain ang lalaki. Mukhang gutom nga ito. Agad nitong naubos ang dalawang putahe. Pero nanatili siyang nakamasid at hindi nakaimik rito. Sa huli ay sumulyap ito sa kanya.

“Hindi ka ba kakain?”

Lumunok siya bago sumagot. “Huwag na. Baka magkautang pa ako sa ’yo. Sabihin mo na lang sa ’kin kung may iba kang gustong pag-usapan natin at parang hindi ka naman atat na atat na sabihin sa akin,” sagot niya sa sarkastikong tinig.

Pero ang totoo, gusto niyang tikman ang dishes na in-order nito. Siguro ang sarap ng mga iyon. Natatakam siya habang pinapanood na kumakain si Damian. Pero dahil hindi niya ito kilala at may pride din siya kaya ayaw niyang makitang magtagumpay ito sa kanya.

He smirked at her reply. “Sigurado ka bang may iba akong gustong sasabihin sa ’yo? Nandito lang tayo dahil sa Gramma ko.” He opened the bottle of red wine and poured the red liquid into the wine glass. Sinimsim muna nito ang likido bago nilagok lahat ang laman.

Napahigit siya ng hangin. “Huwag mo na ngang pahabain pa ang istorya. Alam kong may iba kang dahilan para makipag-meet sa ’kin ngayon. Sabihin mo na nang derecho sa akin. As if hindi iyon ang personality mo.”

He chuckled as he put the empty wine glass on the table. “Do you know me, Miss Marino?”

Napakurap-kurap siya. “I just know your name is Damian at bagong may-ari ng apartment building ko, which makes you my landlord. Is there anything else I should know about you?”

“Hindi ka ba nagbabasa ng newspaper? Sa business section?”

Napatawa siya nang mapakla. “At ano naman

ang mapapala ko sa pagbabasa ng newspaper, aber? Puro negative ang news. Wala nang pagbabago doon. At ang mundo, hindi kailanman magkakaroon ng kapayapaan. May patayan, may pagmamaltrato, may pagnanakaw at kung ano ano pang kasamaan ang nangyayari araw-araw,” tugon niya. *Katulad na lang ng ginagawa mo ngayon sa akin*, gusto sana niyang idagdag, pero pinigilan niya lang ang saraili. “Isa pa, pakialam ko ba sa business section? May trabaho naman akong sapat nang magpasuweldo sa akin.”

“Wow! I never heard such a cynical point-of-view until now. Ganito ka ba palagi?”

“Bakit ka nagtatanong? Gusto mo bang mas kilalanin pa ako?” *T-teka, bakit ko sinasabi ito?* Huli na nang ma-realize iyon ni Kendall. Lumabas na sa bibig niya.

“Kung sasabihin kong oo, ayaw mo ba?”

Napamaang siya saglit. Pero itinikom niya ang bibig nang mapuna iyon. “A-at bakit?”

“I find you interesting. Life won’t be boring if you’re with me. Or rather, if I’m with you.” His voice dropped a notch.

Teka, bakit biglang tumibok nang napakalakas ang puso ko? sa loob-loob niya. Her throat went dry. Pinilit niyang lumunok.

“Huwag ka ngang magpatawa. Hindi ako natutuwa sa sinasabi mo,” asar na turan niya. “At isa pa, hindi ako naniniwala sa ’yo na maganda ang intensyon mo sa sinabi mong ’yan ngayon sa ’kin.”

Sumandal sa kinauupuan si Damian at tinitigan siya sa mukha. “You... are quite unique. Alam mo ba ’yon?”

“Kada tao, unique naman. Hindi na ’yan bago sa pandinig ko. Try something else.”

His lips became a thin line, then the corners lifted into a smile. Because of it, something cold crept down her spine.

“You manage to look quite cute... pretty... beautiful even, I should say, even without makeup. Just like now.” He leaned forward while he spoke. His fingers were carefully laced together. His eyes captured hers and held them for a moment. Those sherry brown eyes looked intense. Para siyang nilulunod ng mga iyon at hindi makaahon.

And all this while, her heart was racing. She could barely breathe. *God, what is he doing to me?* she wondered.

“To be straightforward, what I’m saying is that I’m interested in you.”

“A-ano?”

“It’s not everyday that I am interested in a person, Miss Marino. Consider yourself lucky and privileged.” Ngumisi pa ito sa kanya.

Napamaang siya sa pagiging arogante nito. Pagkatapos ay napatawa siya dahil sa narinig.

“Excuse me? Huwag mo nga akong utuin. Kung ganito ka mang-akit ng mga babae, ibahin mo ako. Hindi mo ako makukuha sa mga gasgas mong salita.”

Sumimangot itong tumingin sa kanya. “You really don’t have any idea who I am, do you?”

Itinaas pa niya ang isang kilay. “Ma at Pa!”

“What?” anitong nalilito.

Napabuntong-hininga siya. “Malay ko at pakialam ko!” Pagkasabi ay kinuha na niya ang bag at saka tumayo. Nanginginig na siya. Hindi lang sa inis kundi dahil din sa sobrang lamig ng hanging nagmumula sa air-con. Hindi siya sanay.

“Wait, where are you going?” anitong tumayo na rin. Mabilis din itong humakbang at hinawakan siya sa braso.